# MISSALETTE

15 Pebrero 2026 • Ika-6 na Linggo sa Karaniwang Panahon • Taon A




## Pagsusuri sa Kaibuturan ng Kautusan

Sa Mabuting Balita ngayon, sa Ika-6 na Linggo ng Karaniwang Panahon, ipinapahayag ni Hesus na Siya'y naparito hindi upang ipawalang-bisa ang Kautusan kundi upang ganapin ito—hindi lamang sa panlabas na pagsunod, kundi sa pagsasabuhay ng mas malalim na diwa ng mga Utos ng Diyos.

Sa pagdiriwang natin ng Eukaristiya at pakikipagtagpo sa ating Kapatid at Panginoon na si Hesukristo, nawa'y matuto tayong isabuhay ang kanyang mga aral at lumakad palagi sa liwanag ng buhay.

## PASIMULA

### PAMBUNGAD

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**D'yos ko, ikaw ang kublihan,**
**tagapagtanggol kong tunay.**
**Iligtas mo't patnubayan**
**yaring aking abang buhay**
**sa ngalan mo'y umiiral.** *(Sal 31, 2-3)*

### PAGBATI

**P –**Pagpalain ang Diyos Amang nagbigay sa atin kay Hesus, ang dakilang guro at huwaran. Ang Kanyang grasya at kapayapaan ay sumainyong lahat.
**B – At sumaiyo rin.**

### PAGSISISI

**P –**Ipinaaalaala sa atin ng tema ngayon ang kahalagahan ng Kautusan ng Diyos at ang mga pagpapahalagang taglay nito. Saglit tayong manahimik at suriin ang ating asal ayon sa ganitong mga pagpapahalaga. *(Manahimik sandali.)*

**P –** Para sa paggamit namin ng kalayaan sa mga pagpiling ikinalungkot mo, Panginoon, kaawaan mo kami.
**B – Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P –** Para sa mga pagkakataong nilabag namin ang pahayag ng Iyong kautusan, Kristo, kaawaan mo kami.
**B – Kristo, kaawaan mo kami.**

**P –** Para sa pagsunod namin sa Kautusan nang dahil lamang sa takot sa iyong pagpaparusa at hindi dahil sa pag-ibig sa iyo. Panginoon, kaawaan mo kami.
**B – Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P –** Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
**B – Amen.**

### PAPURI

Papuri sa Diyos sa kaitaasan
at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong
kinalulugdan niya.
Pinupuri ka namin,
dinarangal ka namin,
sinasamba ka namin,
ipinagbubunyi ka namin,
pinasasalamatan ka namin
dahil sa dakila mong angking kapurihan.
Panginoong Diyos, Hari ng langit,


This issue of Euchalette may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us an email of a copy of the deposit slip with your name for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.
Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak,
Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak
ng Ama.
Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
maawa ka sa amin.
Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
tanggapin mo ang aming kahilingan.
Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama,
maawa ka sa amin.
Sapagkat ikaw lamang ang banal,
ikaw lamang ang Panginoon,
ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan,
kasama ng Espiritu Santo
sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

## PANALANGING PAMBUNGAD

**P –** Ama naming makapangyarihan,
pinangangatawanan mong manahan
sa mga may loobing tapat at maaasahan.
Sa kagandahang-loob mo kami nawa'y makapamuhay
bilang mga mapalad na maging iyong tahanan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
**B – Amen.**

# PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

## UNANG PAGBASA — Sir 15, 15-20

Pagbasa mula sa aklat ni Sirak


**Kung gusto mo, masusunod mo ang utos
ng Panginoon;
ikaw ang magpapasiya kung magiging
tapat ka sa kanya o hindi.
Naglagay siya sa harapan mo ng
tubig at ng apoy,
kunin mo ang iyong maibigan.
Makapipili ka ng alinman sa dalawa:
buhay o kamatayan;
ang iyong mapili ang siya mong tutunguhan.
Dakila ang Karunungan at kapangyarihan ng
Panginoon,
nakikita niya ang lahat ng bagay.
Nalalaman niya ang lahat ng
ginagawa ng bawat tao,
at kinakalinga niya ang mga
may takot sa kanya.
Kailanma'y wala siyang inutusang
magpakasama,
o pinahintulutang magkasala.**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

## SALMONG TUGUNAN — Sal 118, 1-2. 4-5. 17-18.33-34

**B – Mapalad ang sumusunod
sa utos ng Poong Diyos.**

*R. M. Velez*




* Mapalad ang mga taong malinis ang
pamumuhay,
ayon sa utos ng Poon ang gawain
araw-araw.
Mapalad ang sumusunod sa kanyang
kautusan,
buong puso ang pagsunod sa utos
na ibinigay. **B.**

* Ibinigay mo sa amin iyang iyong
mga utos,
upang aming talimahin at sundin
nang buong lugod.
Gayon ako umaasa, umaasang
magiging tapat;
susundin ang iyong utos, susundin
nang buong ingat. **B.**

* Itong iyong abang lingkod, O Diyos,
sana'y pagpalain,
upang ako ay mabuhay at ang utos
mo ang sundin.
Buksan mo ang paningin ko 'pagkat
nananabik masdan,
yaong buting idudulot sa akin ng
iyong aral. **B.**

* Ituro mo, Panginoon, layunin ng
kautusan,
at iyon ang susundin ko habang ako'y
nabubuhay.
Ituro mo ang batas mo't sisikapin kong
masunod,
buong pusong iingata't susundin nang
buong lugod. **B.**

## IKALAWANG PAGBASA — 1 Cor 2, 6-10

Pagbasa mula sa Unang Sulat ni Apostol San
Pablo sa Mga Taga-Corinto

**Mga kapatid: Sa mga may sapat na gulang sa pamumuhay espirituwal, karunungan ang ipinangangaral namin, subalit hindi**

**karunungan ng sanlibutang ito o ng mga tagapamahala sa ngayon na nakatakdang malipol. Ang tinutukoy ko ay ang panukala ng Diyos, na nalihim sa tao; itinalaga niya ito para sa ating ikadarakila, bago likhain ang sanlibutan. Isa man sa mga tagapamahala sa kapanahunang ito'y walang nakaunawa sa panukalang iyon. Sapagkat kung naunawaan nila iyon, hindi sana nila ipinako sa krus ang dakilang Panginoon. Ganito ang sinasabi ng Kasulatan, "Hindi pa nakikita ng mata, ni naririnig ng tainga, hindi pa rin sumasagi sa isip ng tao, ang inihanda ng Diyos sa mga umiibig sa kanya." Subalit ito'y inihayag ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng Espiritu. Nasasaliksik ng Espiritu ang lahat ng bagay, maging ang pinakamalalim na panukala ng Diyos.**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

## ALELUYA — Mt 11, 25

**B – Aleluya! Aleluya!**
**Papuri sa Diyos Ama**
**pagkat ipinahayag n'ya**
**Hari s'ya ng mga aba!**
**Aleluya! Aleluya!**

## MABUTING BALITA — Mt 5, 20-22a. 27-28. 33-34a. 37

**P–**Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**
P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
**B – Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: "Sinasabi ko sa inyo: kung ang pagsunod ninyo sa kalooban ng Diyos ay tulad lamang ng pagsunod ng mga eskriba at mga Pariseo, hindi kayo makapapasok sa kaharian ng Diyos. Narinig ninyo na noong una'y iniutos sa mga tao, 'Huwag kang papatay; ang sinumang makamatay ay mananagot sa hukuman. Ngunit ngayo'y sinasabi ko sa inyo: ang mapoot sa kanyang kapatid ay mananagot sa hukuman.**

**"Narinig ninyo na noong una'y iniutos sa mga tao, 'Huwag kang makikiapid.' Ngunit ngayo'y sinasabi ko sa inyo: ang sinumang tumingin nang may mahalay na pagnanasa sa isang babae, sa isip niya'y nakiapid na siya sa babaing iyon.**

**"Narinig pa ninyo na noong una'y iniutos sa mga tao, 'Huwag kang sisira sa iyong pinanumpaang pangako bagkus ay tupdin mo ang iyong sinumpaan sa Panginoon.' Ngunit ngayo'y sinasabi ko sa inyo: huwag na kayong sumumpa kung nangangako kayo. Sabihin mo na lang na 'Oo' kung oo at 'Hindi' kung hindi; sapagkat buhat na sa Masama ang ano mang sumpang idaragdag dito."**

Ito ang Mabuting Balita ng Panginoon.
**B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

## HOMILIYA

## SUMASAMPALATAYA

**B – Sumasampalataya ako**
**sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat,**
**na may gawa ng langit at lupa.**
**Sumasampalataya ako kay Hesukristo,**
**iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat.**
**Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo,**
**ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.**
**Pinagpakasakit ni Poncio Pilato,**
**ipinako sa krus, namatay, inilibing.**
**Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.**
**Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli.**
**Umakyat sa langit.**
**Naluluklok sa kanan**
**ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.**
**Doon magmumulang paririto**
**at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.**
**Sumasampalataya naman ako**
**sa Diyos Espiritu Santo,**
**sa banal na Simbahang Katolika,**
**sa kasamahan ng mga banal,**
**sa kapatawaran ng mga kasalanan,**
**sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao**
**at sa buhay na walang hanggan. Amen.**

## PANALANGIN NG BAYAN

**P –** Ipinapakita sa atin ng Salita ng Diyos ang kahalagahan at mahigpit na tuntunin ng Kautusan. Hilingin natin ang tulong ng Panginoon na ito'y sundin natin. Manalangin tayo:

**B – Panginoon, gawin Mo kaming tapat sa iyong Kautusan.**

* Para sa buong Simbahan: nawa'y patnubay-an nito ang lahat na pahalagahan at isabuhay ang mga aral ng Kautusan. Manalangin tayo. **B.**
* Para sa Santo Papa, mga Obispo, at pari: nawa'y malinaw nilang maituro at isabuhay ang aral ng Kautusan ng Diyos. Manalangin tayo. **B.**
* Para sa mga pinuno ng ating bansa: nawa'y makagawa at makapagpatupad sila ng mga batas ayon sa aral ng Kautusang moral ng Diyos. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa ating mga katekista, guro, at mga *vloggers* at *media practitioners*: nawa'y patuloy nilang isabuhay at itaguyod ang kanilang mahalagang misyon sa moral na paghubog ng bagong henerasyon. Manalangin tayo. **B.**

**P** –Diyos Ama namin, salamat sa pagkakaloob Mo kay Hesus bilang aming guro at huwaran. Ipagkaloob nawa sa amin ng Banal na Espiritu ang lakas upang isabuhay ang mga aral na aming natutunan. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman.

**B –Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

**P** – Manalangin kayo . . .

**B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**P** –Ama naming Lumikha,
kami nawa'y dalisayin at panibaguhin
ng aming gaganaping paghahain.
Kami nawa'y itaguyod ng gagawin naming ito
sa pagnanais naming sundin ang loob mo
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.

**B– Amen.**

### PREPASYO VI

**P** – Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**

**P** – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
**B – Itinaas na namin sa Panginoon.**

**P** – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
**B – Marapat na siya ay pasalamatan.**

**P**– Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat
na ikaw ay aming pasalamatan.
Nasa iyo ang aming buhay,
pagkilos at pag-iral.
Sa pamumuhay namin araw-araw
tinatamasa namin ang iyong pagmamahal.
Sa pag-ibig mong ipinunla sa sangkatauhan
ang Espiritu Santo'y unang aning bigay
ng Anak mong naglagak sa amin ng katiyakang
nakalaang mabuhay kami sa piling mo
kailanman.
Kaya kaisa ng mga anghel
na nagsisiawit ng papuri sa iyo
nang walang humpay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B – Santo, santo, santo . . .**

### PAGBUBUNYI

**B – Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

## PAKIKINABANG

**B – Ama namin . . .**
**P** – Hinihiling namin . . .
**B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.**

### PAANYAYA SA KAPAYAPAAN

### PAGHAHATI-HATI SA TINAPAY

**B – Kordero ng Diyos . . .**

### PAANYAYA SA PAKIKINABANG

**P** – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

**B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa Iyo ngunit sa isang salita Mo lamang ay gagaling na ako.**

#### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Sa pagkaing ibinigay**
**ng Panginoong Maykapal**
**ay nasiyahan ang tanan.**
**Kanilang inaasaha'y**
**nagkamit ng katuparan.** *(Sal 78, 29-30)*

WORD AND LIFE PUBLICATIONS
Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

## PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

**P** –Ama naming mapagmahal,
kaming pinapagsalo mo sa banal na
pakikinabang
ay gawin mong laging manabik na pagsaluhan
ang kaloob mong ito sa aming ikabubuhay
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
**B – Amen.**

## PAGWAWAKAS

**P –** Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**

**P –** Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos:
Ama, Anak, at Espiritu Santo.
**B – Amen.**

**P –** Naialay natin ang ating Eukaristiya. Humayo kayo sa kapayapaan ni Kristo.
**B – Salamat sa Diyos.**


BISPERAS SA VERITAS 846 kHz-AM

**Tune in to Radio Veritas (846 kHz) every Saturday from 5:00 to 6:00 p.m. and listen to BISPERAS SA VERITAS the interactive radio program that helps you discover**
**– the messages of each Sunday Theme and Biblical readings, and**
**– how they can empower your life, your family, and your community.**




**Shopping at Word and Life Religious Store via Shopee and Lazada is now more convenient– just scan the QR codes!**

Lazada Shopee